
# Pong Matanong



Kwento ni Cathrina N. Dacuycuy
Guhit ni Franklin Q. Garcia

# Pong Matanong



Kwento ni Cathrina N. Dacuycuy
Patul Elementary School
Guhit ni Franklin Q. Garcia

SDO Santiago City

Si Pong ang nag-iisang anak ni Aling Tina at Mang Rafael. Lahat ng gusto ay ibinibigay sa kanya.



Siya ang batang mahilig magtanong tungkol sa kaniyang Tatay. Nasaan nga ba ang kaniyang Tatay?



Habang abala si Aling Tina sa gawaing-bahay, nariyan naman ang kaniyang anak na si Pong na abala sa paglalaro.



“Ang gaganda naman ng aking mga laruan. Inay tingnan mo po ohh” nakangiting sambit ni Pong.

Maya-maya pa ay biglang lumapit si Pong sa kaniyang ina.





Habang abala si Aling Tina sa gawaing-bahay, nariyan naman ang kaniyang anak na si Pong na abala sa paglalaro.


Tiningnan lamang ni Aling Tina na may lungkot sa mata si Pong.

Habang abala si Aling Tina sa gawaing-bahay, nariyan naman ang kaniyang anak na si Pong na abala sa paglalaro.






Nang bigla itong napasigaw……….

"Aray!!!!! Aray ko po!"



"Bakit anak?" Agad nitong nilapitan si Pong.



"Naipit po 'yung daliri ko Inay," sagot ni Pong sa Inay. Habang tinitingnan ni Aling Tina ang naipit na daliri ni Pong bigla ulit nagtanong si Pong.

"Inay, ano po 'yang nilalagay mo sa daliri ko?"


"Kailan po ba uuwi si Tatay?"



Gaya ng dati,
hindi na naman
sumagot sa
tanong ang
kaniyang ina.

Sa bawat araw na lumilipas, paulit-ulit lamang ang pagtatanong ni Pong tungkol sa kaniyang tatay.





"Inay, nasaan po ngayon si Tatay?" malungkot na namang tanong ni Pong sa ina.



"Inay, hindi po ba ako nami-miss ni Tatay?" muling tanong ni Pong.




Napaluha si Aling Tina kaya tumalikod na lamang siya kay Pong.



"Inay, bakit po?" tanong ni Pong at niyakap ang kaniyang ina.



Nagyakapan ang mag-ina.
“Anak ko..........”, ang sabi ni Aling Tina.



Hindi natatapos ang araw na hindi nagtatanong si Pong sa kaniyang ina.



Isang araw,
nilapitan ni Aling
Tina si Pong at
kinausap tungkol
sa kaniyang tatay.

“Pong, anak alam kong marami kang katanungan tungkol sa iyong tatay,” sambit ni Aling Tina.



“Inay, nasaan po ba talaga si Tatay?” tanong ulit ni Pong.



"Anak, alam mong mahalaga ka sa akin. Hindi mo pa maiintindihan ngayon ang ating sitwasyon."

"Bakit naman po Inay?"

“Pong, malalaman mo rin ang totoo.”




"Ang alin po Inay?"



"Ang mahalaga ay mag-aral ka nang mabuti." payo ni Aling Tina sa anak na si Pong



“Inay, bakit nasaan po ba si Tatay?”
tanong ni Pong

Naglakad ang dalawa papunta sa kanilang hardin.





“Anak, makikilala mo rin ang iyong tatay basta husayan mo ang iyong pag-aaral. Balang araw makikilala mo rin siya.”



Napapaisip ang munting bata habang pinakikinggan ang sinasabi ng kanyang ina.




Punong-puno ng katanungan ang makikita sa mukha ni Pong.

Niyakap ni Aling Tina si Pong.



"Mahal na mahal kita anak. Darating din ang araw na mauunawaan mo ang lahat."





“Mahal na mahal ko din po kayo ni Tatay Inay.” matamis na sambit ni Pong sa nanay nito.



“Mag-aaral ako nang mabuti at pagdating ng araw hahanapin ko si Tatay.”

Pagkalipas ng isang linggo, biglang may dumating sa bahay nila Pong.



Nagulat ito at bigla siyang binuhat at niyakap nang mahigpit.



"Anak!", wika ni Mang Rafael

"Tatay?!" sagot ni Pong

Masayang nagyakapan ang mag-anak.


Naunawaan na ngayon ni Pong kung bakit wala ang kaniyang tatay.



Nangibangbansa ito para sa kanilang pamilya.




Kitang-kita sa mukha ni Pong ang kasiyahan.



## Cathrina Nantes-Dacuycuy

Cath is a teacher. She do love kids and enjoying her time with them! She loved telling stories. It's an honor for her to write a story for kids! It's her pleasure to share her passion, happiness and be a blessing to the kids!



Si Pong ang nag-iisang anak nina Aling Tina at Mang Rafael. Isang batang nangungulila at punong puno ng katanungan tungkol sa kanyang tatay. Labis ang pagtatanong nito sa kanyang Nanay. Ano kaya ang sagot ng Nanay kay Pong? Nasaan nga ba ang kanyang Tatay? Magkikita pa kaya sila?